


Banghay-Aralin sa Filipino IV

May-Akda: Charisse V. Silang
Designation: Teacher III
Paaralan: CENTEX Batangas



I. Layunin

1. Naibabahagi ang sariling saloobin batay sa binasang kuwento
2. Nailalahad ang pamamaraan ng pagrespeto sa kapwa
3. Naipapamalas ang sariling kakayahan

II. Paksang-Aralin

1. **Pamagat:** “Magnificent Benito and His Two Front Teeth” (“Ang Dakilang Si Benito at ang Dalawang Ngipin Niya sa Harap”)
1. **May-akda:** Angie Rivera and Mike Rivera
2. **May-guhit:** Jason Moss
3. **Pagpapahalaga:** Pagpapahalaga sa sariling kakayahan

III. Pamamaraan:

1. Paghahawan ng Balakid

Salita	Pamamaraan
monasteryo	pagpapakita ng larawan ng isang monasteryo at pagtalakay sa mga makikita at matatagpuan dito
espatula	pagpapakita ng larawan at pagtalakay sa gamit nito
pagngangabngab	pagpapakita ng kilos ng pagngangabngab
obra maestra	pagpapakita ng larawan ng mga halimbawa ng obra maestra

2. Pagganyak

- a. Motivation Question
Magbahagi ng kwento ng isang dakilang ginawa ninyo o dakilang ginawa ng isang tao. Anong aral ang natutunan ninyo sa pangyayaring ito?
- b. Motive Question
Ano kaya ang isang dakilang ginawa ng tauhan sa kuwento?

3. Pagbasa ng Kwento

Shared reading ang pamamaraan na gagamitin upang mai-modelo ng guro ang pagbabasa at mabigyan ng pagkakataon ang mga batang ma-praktis ang fluency sa pagbabasa.

Maaring magtanong ang guro habang nagbabasa upang ma-assess kung tama ang pagkakaintindi ng mga bata sa kuwentong binabasa.

4. Pagkatapos Bumasa

Mga Tanong:

1. Ano ang tunay na naramdaman ng ina ni Benito nang ipinanganak niya ito? Siya ba ay nagpakita ng pagiging mabuting magulang?
2. Kung ikaw ay taga-San Cristobal, makikipagkaibigan ka ba kay Benito?
3. Sa mga naging karanasan ni Benito, alin sa palagay ninyo ang pinakamalungkot at nagdala sa kanya sa kahihyan?
4. Nakadama kaya si Benito ng galit? Kung nakadama siya ng galit, ito ba ay sa kanyang sarili o sa kanyang kapwa?

5. Makikipagkaibigan ka ba sa isang taong pinagtatatawanan nang marami dahil sa kakatwang hitsura nito?
6. Ang kahinaan ba ni Benito ay kanyang naging kalakasan? Paano ito nangyari?
7. Anu-anong mga katangian ni Benito ang nagdala sa kanya upang tawagin siyang isang dakila?
8. Sa mga naging karanasan ni Benito, sa anong pangyayari kayo nagkapareho? Nagkaiba?
9. Kung ikaw ay papipiliin, alin ang mas nanaisin mo, ang magkaroon ng normal at maayos na pisikal na hitsura subalit may karaniwang kakayahan lamang, o ang magkaroon ng kakatwang hitsura subalit may pambihirang kakayahan?
10. Kung may pagkakataon si Benito na baguhin ang kanyang kakatwang hitsura, ipaaayos pa rin kaya niya ang kanyang dalawang ngipin?

5. Pangkatang Gawain

- a. Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan.

Pangkat 1 (AP Center): Bumuo ng isang tribute video para kay Benito na naglalarawan ng kanyang mga katangian inyong hinangaan.

Pangkat 2 (Music Center): Bumuo ng isang awit tungkol sa kadakilaan ni Benito.

Pangkat 3 (ESP Center): Bumuo ng tula na nagsasaad ng mga dapat gawin at taglayin upang mapaunlad ang sariling kakayahan.

Pangkat 4 (Art Center): Gamit ang molding clay, bumuo ng isang bagay o isang obra maestra na maaaring sumagisag sa iyong sarili.

- b. Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang output.

T: Ano ang dakilang ginawa ng tauhan sa kuwento?

Kung gagawa ng isang tribute video para sa tauhan sa kuwento, ano kaya ang lalamanin nito?

*Tawagin natin ang **Pangkat 1** upang ibahagi ang kanilang nagawa.*

*T: Tawagin naman natin ang **Pangkat 2** upang ibahagi ang awit na kanilang nagawa tungkol sa*

kadakilaan ni Benito.

*T: Nagawang ipakita ni Benito ang kanyang kakayahan sa kabila ng pangungutya sa kaniya. Ano ang dapat natin gawin upang mapaunlad ang ating mga kakayahan? Tawagin natin ang **Pangkat 3** upang ibahagi ang tulang kanilang nagawa.*

*T: Kung ating susundin ang mga ibinahaging pamamaraan ng pangkat III upang ating mapaunlad ang ating mga kakayahan, maaring makabuo tayo ng mga obra maestra tulad ni Benito. Tawagin natin ang **Pangkat 4** upang ibahagi nila ang mga obrang kanilang nagawa.*

IV. Paglalapat

Think-Pair-Share

1. Ibibigay ng guro ang tanong.

T: Ibahagi ang iyong natatanging kakayahan sa kaklase. Ipaliwanag paano mo ito pahahalagahan at pauunlarin.

2. Ibabahagi ng mga bata ang kanilang sagot sa kanilang kapares. Maaaring magtanong ang kapares upang lalong mapalalaim ang sagot ng kaklase.
3. Tatawag ang guro ng ilang mga pares upang ibahagi ang kanilang mga sagot.

V. Takdang-Aralin

Magsaliksik tungkol sa mga taong may kakaibang kaanyuan ngunit nagtagumpay sa buhay. Ibahagi ito sa klase. (Maaari ring hikayatin ang mga batang gumamit ng teknolohiya sa pagbabahagi ng kanilang takdang-aralin.)

VI. Pagpapahalaga

1. Maaring pumili ang guro ng ilang mga batang magbabahagi ng kanilang takdang-aralin.
2. Maaaring maglaan ng AP Corner kung saan ilalagay ng mga bata ang kanila obra maestra at sagot sa takdang-aralin. Dito, hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng positibong mensahe sa mga kamag-aaral na nagbahagi ng kanila gawa.